



APPENDIX A: Protokol sa Panlipunang Pagdidistansya o Social Distancing (Na-update noong Hunyo 17, 2020)

Pangalan ng Pasilidad: [Click or tap here to enter text.](#)

Address ng Pasilidad: [Click or tap here to enter text.](#)

Tinatayang gross square footage ng espasyo na bukas sa publiko: [Click or tap here to enter text.](#)

Dapat ipatupad ng pasilidad ang lahat ng naaangkop na hakbang na nakalista sa ibaba, at maging handa silang ipaliwanag kung bakit hindi naaangkop sa negosyo ang anumang hakbang na hindi nila ipinapatupad.

Karatula:

Karatula sa bawat pampublikong entrada ng pasilidad na nagpapabatid sa publiko na dapat ay: iwasan nilang pumasok sa pasilidad kung mayroon silang mga sintomas ng COVID-19; magpanatili sila ng hindi bababa sa anim na talampakang layo mula sa isa't isa; sa tela o tisyu sila bumahing at umubo o, kung walang ganoon, sa kanilang siko; magsuot sila ng mga takip sa mukha, kung naaangkop; at hindi sila makipagkamay o makibahagi sa anumang hindi kinakailangang pisikal na kontak.

Karatulang nagpapaskil ng kopya ng Protokol sa Panlipunang Pagdidistansya o Social Distancing sa bawat pampublikong entrada ng pasilidad.

Mga Pag-iingat para Maprotektahan ang Kalusugan ng Mga Empleyado at ng Publiko (lagyan ng tsek ang lahat ng naaangkop sa pasilidad):

Nasabihan na ang lahat ng empleyadong huwag nang pumasok kung mayroon silang sakit.

Nagsasagawa ng mga pagsusuri para sa sintomas bago papasukin ang mga empleyado sa lugar ng trabaho.

Kinakailangan ng mga empleyadong magsuot ng mga takip sa mukha, kung naaangkop.

Dapat ay may layong hindi bababa sa anim na talampakan ang lahat ng mesa o indibidwal na istasyon para sa pagtatrabaho.

Madalas na dinidisimpekta ang mga silid pahingahan, banyo, at iba pang lugar na panlahat ayon sa sumusunod na iskedyul:

Mga silid pahingahan:

Mga banyo:

Iba pa ([Click or tap here to enter text.](#)): [Click or tap here to enter text.](#)

May available na pandisimpekta at mga kaugnay na supply para sa lahat ng empleyado sa (mga) sumusunod na lokasyon: [Click or tap here to enter text.](#)





- May available na hand sanitizer na epektibo laban sa COVID-19 para sa lahat ng empleyado sa (mga) sumusunod na lokasyon: [Click or tap here to enter text.](#)
- Available ang sabon at tubig para sa lahat ng empleyado sa (mga) sumusunod na lokasyon: [Click or tap here to enter text.](#)
- Lahat ng empleyado at miyembro ng publiko ay kinakailangang sumunod sa Kautusan sa Kalusugan Hinggil sa Mga Inaatas na Pagtatakip ng Mukha (Kautusan c19-11).
- Nagpamahagi ng mga kopya ng Protokol na ito sa lahat ng empleyado.
- Opsyonal—Ilarawan ang iba pang mga hakbang: [Click or tap here to enter text.](#)

Mga Pag-iingat para Mapanatiling nang Hindi Bababa sa Anim na Talampakang Distansya ang Mga Tao mula sa Isa't Isa (lagyan ng tsek ang lahat ng naaangkop sa pasilidad)

- Limitahan ang bilang ng mga tao sa pasilidad sa bawat pagkakataon [Click or tap here to enter text.](#), para madaling makapagpanatili ang mga indibidwal ng hindi bababa sa anim na talampakang distansya mula sa isa't isa sa lahat ng praktikal na pagkakataon.
- Magtalaga ng empleyado sa pinto para matiyak na hindi mahihigitan ang pinakamaraming bilang ng indibidwal sa pasilidad na itinakda sa itaas.
- Maglagay ng mga karatula sa labas ng pasilidad na nagpapaalala sa mga tao na magpanatili ng distansya na hindi bababa sa anim na talampakan mula sa isa't isa, pati kapag nakapila.
- Maglagay ng tape o iba pang marka na may hindi bababa sa anim na talampakan ang pagitan sa mga lugar kung saan tatayo o uupo ang mga indibidwal nang pangmatagalan sa loob at labas ng pasilidad na may mga karatula na nag-uutos sa mga customer na gamitin ang mga marka para magpanatili ng distansya.
- Inatasan ang lahat ng empleyado na magpanatili ng hindi bababa sa anim na talampakang layo mula sa ibang mga indibidwal, maliban na lang kung kailangan ng mga empleyado na saglit na lumapit, o kung nagbibigay ang empleyado ng isang serbisyo na kailangang isagawa sa loob ng anim na talampakan.
- Opsyonal—Ilarawan ang iba pang mga hakbang: [Click or tap here to enter text.](#)

Mga Hakbang para Maiwasan ang Hindi Kinakailangang Pakikisalamuha (lagyan ng tsek ang lahat ng naaangkop sa pasilidad):

- Hindi pagpahintulot sa mga tao na mag-self serve ng anumang item.
- Hindi available ang mga bultuhang lalagyan ng pagkain para sa self-service na paggamit ng customer.
- Hindi pinapayagan ang mga indibidwal na magdala ng kanilang mga sari-sariling bolpen/lapis, bag, baso, o iba pang reusable na item mula sa bahay.
- Paglalagay ng mga contactless na payment system o, kung hindi posible, regular na pagdisimpekta ng mga payment system. Ilarawan: [Click or tap here to enter text.](#)



Opsyonal—Ilarawan ang iba pang mga hakbang (hal. pagtatakda ng mga oras na para lang sa mga nakatatanda): [Click or tap here to enter text.](#)

Mga Hakbang para Mapaigting ang Kalinisan (lagyan ng tsek ang lahat ng naaangkop sa pasilidad):

Available ang mga pangdisimpektang wipes na epektibo laban sa COVID-19 malapit sa mga shopping cart at shopping basket.

Available sa publiko ang hand sanitizer, sabon at tubig, o epektibong pangdisimpekta sa o malapit sa entrada ng pasilidad at sa iba pang mga lugar kung saan direktang nakikipag-ugnayan ang mga tao.

Pagdisimpekta ng lahat ng portal ng pagbabayad, mga bolpen, at stylus pagkatapos ng bawat paggamit.

Regular na pagdisimpekta ng lahat ng ibabaw na madalas hawakan.

Opsyonal—Ilarawan ang iba pang mga hakbang: [Click or tap here to enter text.](#)

* Ang anumang karagdagang mga hakbang na hindi kasama rito ay dapat ilista sa ibang pahina at isama sa dokumentong ito.

Maaari kang makipag-ugnayan sa sumusunod na indibidwal kung mayroon kang anumang tanong o komento tungkol sa protokol na ito:

Pangalan: [Click or tap here to enter text.](#)

Numero ng telepono: [Click or tap here to enter text.](#)